# Ang pagsugpo ng pandemya at iba pang tula

Kristoffer B. Berse

## Ang Konstruksiyon ng Emerhensiya

I.

Bago pa man natin
Lubusang maiputong
Mula baboy patungong daga
Ang korona ng matandang paniniwala,
Tinangay na ng takot at sakit
Ang pagbabagong-mukha sana
Ng ating taunang tadhana:

May kumawalang lumang virus
Na hindi natin lubusang matuos
Kung galing ba sa balintong
O paniking hinuli't ikinulong
Sa isang palengke
(O baka laboratoryo)
Ng mga ihalas ang likaw
Ng bituka at bisyo.

Kalauna'y kumalat ang kamalasan
Sa iba't ibang panig ng mundo
At mabilis na sinakop
Ang pamamahinga't paghinga
Maging ng mga aso.

II.

Sa Pilipinas, matapos ang halos
Dalawang buwang pag-iingat
Na hindi masugatan ang damdamin
Ng mga komprador ni Xi Jinping,
Nagkandarapa ang mga opisyal
Na hulihin ang veerus na salarin:
Hinalughog ang social media
Upang makahanap ng terorista
At binusalan ang salita
Ng batas at banta.

Dinagsa ang mga ospital
Ng mga alalahanin at hinaing.
Paano kung mapuno ang mga ICU,
Sasapat ba ang anino
Ng mga masisilungang puno?
Paano kung magkakaubusan ng mask,
Lab gown, face shield, at gloves,
Mapapabagal ba ng dasal
Ang paggapang ng hawa
Sa baga ng mga doktor at nars?
Ang mga maysakit ay lalong nagkakasakit
At ang ibang mga patay, oo, ang mga patay,
Ay kailangan munang pumila
Bago maisalang sa pugon
At maibalik bilang alaala ng abo
Sa loob ng garapon (o supot
Kung walang pambili ng urna).

III.

Oras-oras,
Ipinapanganak ang kaba,
Hinahabol ang hininga.

## Siyam-siyam na Buhay

Mula nang mamulat ang mata ng Marso
Sa hatid na malas ng dayong trangkaso,
Puso'y nagsapusang tila may atraso
At nagugulantang sa bahing ng áso.

Minsa'y buong araw kung makatihaya
Habang nag-aabáng ng abâng biyaya;
Gumala maghapon ang tanging pithaya,
Maglaro sa bubong ang asam na laya.

Ang gabi ko ngayo'y umagang pusikit,
Sa dilim, matalim ang titig ng sakit;
Hindi makatulog maski na sansaglit,
Ang ngiyaw ng takot, didilat-pipikit.

## Ang Pagsugpo ng Pandemya

Inilapat nila sa ating balikat
Ang paglalang ng lala
At isinulsi sa ating palad
Ang lapad ng sisi.

Dahil tayo raw ay mga pasaway,
Mahigpit nilang ipinagbawal
Ang pagsuway sa maraming bagay:
Ang magkalat sa pasilyo ng ospital
(Maliban kung senador),
Ang lumabas nang walang face mask
(Maliban kung congressman),
Ang tumakas sa checkpoint
(Maliban kung meyor),
Ang makipag-umpugan ng laway
(Maliban kung heneral),
Ang maglubid ng tsismis
(Maliban kung DDS),
Ang umangkas sa motor
(Maliban kung pulis),
Ang tumambay sa labas
(Maliban kung sa Conti's at Starbucks).

Kaya tayong mga busabos
Na walang tsapa't tsaperon
Ay abot-abot ang panalanging
Hindi magkalagnat sa gutom,
O mapaubo sa kahadlok
At lubusang panghinaan ng lungkot.

Bilang masunuring mamamayan,
Naghuhugas tayo ng kamay
Bago mag-antanda
Sa tuwing napapabalitang
May nabuhay na patay,
O pasyenteng naligaw ng bahay,
O nagpalit ng sex,
O nagbago ng edad,
Sa update ng DOH.

Nagmumumog tayo ng asin
Sa tuwing isinusubo sa atin
Ang banal na salita ng siyensiyang
Hinulma sa baras,
Tulad ng kagila-gilalas na kuwento
Ng unang wave sa Enero,
At kamangha-manghang mga bar graph
At numerong tila hinugot
Sa tadyang ni Leon Guerrero.

At sa tuwing sinasagpang
Ng laksa-laksang balisa
Ang ating kawalang-magawa,
Nagtatakip tayo ng bibig at ilong
Kapag bumabahing ng sama ng loob
Sa harap ng piping dingding
At bulag na bintana,
Tinitiyak na malayo sa naaabot
Ng NBI at social media
Ang bigat ng dala-dala.

Gabi-gabi,
Upang matiyak na di madapuan
Ng haka-haka't pangamba
Ang ating pagpapasya,
Pinupunasan natin ng alkohol
Ang mga bagay na maaaring
Pagkapitan ng dumi—
Pinto, sapatos, grocery,
Tsismis, datos, mga troll
Na pro- at anti-Duterte,
Mga adviser at opisyal na epal
At sukdulang matapobre,
Bibig ng presidente.